
| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | VI |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | SEPTEMBER 5 – 9, 2022 (WEEK 3) | Quarter: | 1ST QUARTER |

| | LUNES | MARTES | MIYERKOLES HUWEBES BIYERNES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. Layunin** | | | | | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan<br>Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin<br>Naisasagawa ang mapanuring pagbasa sa iba't ibang uri ng teksto at napalalawak ang talasalitaan<br>Naipamamalas ang iba't ibang kasanayan upang maunawaan ang iba't ibang teksto<br>Napauunlad ang ksanayan sa pagsulat ng iba't ibang uri ng sulatin<br>Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring panood ng iba't ibang uri ng media<br>Naipamamalas ang pagpapahalaga at ksanayan sa paggamit ng wika sa komunikasyob at pagbasa ng iba't ibang uri ng panitikan | | | | |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Nasasaulo ang isang tula/awit na napakinggan at naisasadula ang isang isyu o paksa mula sa tekstong napakinggan<br>Nakasasali sa isang usapan tungkol sa isyu<br>Nakabubuo ng sariling diksiyunaryo ng mga bagong salita mula sa mga binasa; naisasadula ang mga maaaring mangyari sa nabasang teksto Nagagamit ang nakalimbag at di-nakalimbag na mga kagamitan sa pagsasaliksik<br>Nakasusulat ng reaksyon sa isang isyu<br>Nakagagawa ng isang blog entry tungkol sa napanood<br>Naisasagawa ang pagsali sa mga usapan at talakayan, pagkukuwento, pagtula, pagsulat ng sariling tula atr kuwento | | | | |
| C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto | Nabibigyang-kahulugan ang kilos ng mga tauhan sa napakinggang pabula<br>**F6PN-Ic-19** | Nagagamit nang wasto ang mga pangngalan at panghalip sa pakikipag-usap sa iba't ibang sitwasyon<br>**F6WG-Ia-d-2** | Nasasagot ang mga tanong tungkol sa tekstong pangimpormasyon (procedure)<br>**F6PB-Ic-e-3.2.1** | Nagagamit ang mga bagong salitang natutuhan sa pagsulat ng sariling komposisyon<br>**F6PT-Ic-8** | Nagagamit ang Dewey Classification System<br>**F6EP-Ic-9.3** |
| **II. NILALAMAN** | Pagbibigay-Kahulugan sa Kilos ng mga Tauhan sa Napakinggang Pabula | Paggamit ng Pangngalan sa Iba't Ibang Sitwasyon | Pagsagot sa mga Tanong Tungkol sa Tekstong Pangimpormasyon (procedure) | Paggamit ng Salitang Natutuhan sa Pagsulat ng Sariling Komposisyon | Paggamit ng Dewey Classification System |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| A. Sanggunian | | | | | |
| 1. Pahina sa Gabay ng Guro | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 2. Pahina sa Kagamitan ng Mag-aaral | | | | | |
| 3. Pahina sa Batayang Aklat | | | | | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa Learning Resource (LR) portal | MISOSA Kahulugan ng Matatalinghagang Salita | MISOSA Kahulugan ng Matatalinghagang Salita | Aralin 5 - Wastong Pamamaraan ng Pag-iimbak ng Pagkain<br>EPP Teaching Guide on Financial Literacy, pp. 49-55 | Aralin 5 - Wastong Pamamaraan ng Pag-iimbak ng Pagkain<br>EPP Teaching Guide on Financial Literacy, pp. 49-55 | |
| B. Iba pang kagamitang panturo | | | | | |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| A. Balik-aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin | Itanong:<br>*Ano ang nauunawaan sa salitang <u>salot</u>?*<br>Ipagamit ito sa sariling pangungusap upang matiyak na naunawaan ito ng mag-aaral? | Itanong:<br>*Ano ang pangngalan?* | *Ano-ano ang paraan ng pag-iimbak ng pagkain?* | | *Ano ang Dewey Classification System?* |
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin | Itanong:<br>*Paano mo ipinapakita ang pagmamalasakit sa kapuwa?*<br>Hayaang magbahagi ng karanasan ang magaaral. | Pag-aralan.<br>1. Si Dagambu ang pinuno ng mga dagang bukid.<br>2. Pinamamahalaan niya ang mga daga sa bukid at gubat.<br>3. Si Metromaws naman ang pinuno ng mga daga sa mga imbakan at bodega.<br>Itanong:<br>*Ano ang mga pangngalan sa bawat pangungusap?*<br>*Paano ginamit ang bawat isa?* | Ipakita ang larawan ng isang pinausukang isda.<br><br>Image bank<br>*Nakatikim ka na ba nito?*<br>*Paano kaya ito ginagawa?* | Ipabasang muli ang "Pagpapausok"<br>*Ano ang mga salitang hindi mo naunawaan sa binasang tekstong pang-impormasyon?*<br>Talakayin ang kahulugan ng bawat salitang babanggitin ng guro.<br>Siguraduhing nauunawaan ng bawat isa ang kahulugan ng salita bago tumungo sa susunod na salita. | Ipangkat ang magaaral.<br>Ipatalakay sa pangkat kung paano ginagamit ang DCS. Matapos ang inilaang oras, tawagin ang bawat pangkat upang ibahagi ang kanilang natapos na gawain.<br>Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin | Sabihin ang pamagat ng kuwentong babasahin at itanong:<br>*Bakit hindi nagkasundo ang dalawang pangkat ng mga daga?* | | Ipabasa " Pagpapausok ng Isda" p. 55. | *Ano-ano ang dapat tandaan sa pagsulat ng talata?*<br>Ipagamit ang mga salitang pinagtalakayan upang makasulat ng isang talata ang bawat mag-aaral. | |
| D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | Basahin nang malakas ang "At Nalunod ang mga Salot," pp. 3 – 4. | Hayaang magbigay ang magaaral ng pangungusap gamit ang pangngalan tungkol sa mga tauhan na nakilala nila sa napakinggang kuwento. Sa bawat pagbibigay ng magaaral, itanong:<br>*Ano ang pangngalang ginamit?* | *Ano-ano ang kailangan upang makagawa ng pinatuyong isda?*<br>*Bakit pinatuyong isda ang tawag?*<br>*Ano ang gagawin kung tag-ulan o kaya naman ay mahina ang sikat ng araw?* | Matapos ang inilaang oras, sabihin sa mag-aaral na makipagpalit ng papel sa kanilang napiling kapareha. Pabigyan ng puna ang natapos na sulatin ng bawat isa. Ipasulat muli ang sulatin batay sa punang ibinigay ng kapareha. | *Saan ginagamit ang DCS?*<br>*Paano ito ginagamit?* |
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | Balikan ang hinuha ng mag-aaral bago basahin ang kuwento.<br>Isa-isahin ang mga ito at sabihin kung nangyari ba sa kuwento o hindi. | Ipangkat ang mag-aaral. Bawat pangkat ay maghahanda ng isang usapan ng mga daga na mapakikinggan sa gubat, bukid, bodega at imbakan. Matapos ang inilaang oras, tawagin ang bawat pangkat<br>para sa kanilang pagtatanghal.<br>Bigyang-halaga ang ginawa ng bawat pangkat. | Ipangkat ang mag-aaral. Maghanda ng mga resipi para sa bawat pangkat. Lagyan din ng tanong ang bawat inihandang sipi ng resipi.<br>Ipabasa ito sa bawat pangkat at pasagutan ang mga inihandang tanong.<br>Matapos ang inilaang oras, tawagin ang bawat pangkat upang ibahagi ang natapos na gawain. | | Magpatala ng mga aklat na makukuha sa bawat kategoryasa DCS. Ipasulat ang ID ng aklat at iba pang impormasyon dito. |
| F. Paglinang sa Kabisahaan (*Tungo sa formative Assessment*) | *Sino si Dagambu? Paano siya naging pinuno ng mga dagang bukid? Anong ginagawa ng mga dagang bukid sa taniman? Tama ba ito?*<br>*Bakit hindi? Bakit nag-away ang pangkat ng mga dagang bukid at dagang lungsod?* | Tumawag ng mag-aaral upang magbahagi ng kanilang karanasan tungkol sa pagmamalasakit sa kapuwa. Siguraduhin na magagamit nila nang wasto ang pangngalan. (Tawagin ang hindi pa nakapagbahagi noong unang arawa) | Ipabasa: Pag-aasin p. 55.<br>Itanong:<br>*Bakit pag-aasin ang tawag sa paraan ng pag-iimbak na ito?*<br>*Ano ang unang dapat gawin sa pagaasin ng isda o karne?*<br>*Ano ang sumunod?*<br>*Kailangan bang masunod ang bawat panuto na mga ito?*<br>*Bakit?* | Sagutin:<br>1. Tama ba margin sa kanan at kaliwang bahagi ng aking papel?<br>2. Nabaybay ko ba nang wasto ang lahat ng mga salita? | Dalhin ang mag-aaral sa silid-aklatan.<br>Obserbahan ang bawat isa kung paano bila ginamit ang kanilang kaalaman sa DCS.<br>Bigyan ng tulong ang mag-aaral na nakitang nahihirapan pa sa paggamit nito. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | *Sino-sino ang tauhan sa napakinggang kuwento?*<br>*Ano ang ikinilos ng bawat isa?*<br>*Ano ang mensaheng hatid ng ikinilos ng bawat isa?* | | *Ano ang mangyayari kung may hindi ka gagawing hakbang?* | 3. Naisulat ko ba nang wasto at may sapat na layo ang mga salita?<br>4. Tama ba ang mga pagkakasulat ko ng mga pangungusap?<br>5. Tama ba ang ginamit kong mga bantas? | |
| G. Paglalapat ng Aralin sa Pangaraw-araw na buhay | *Kung ikaw si Metromaws, gagawin mo rin ba ang kaniyang ginawa? Pangatwiranan mo ang iyong sagot.*<br>*Ano ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pagmamalasakit sa kapuwa?*<br>*Paano mo ipinakikita ang pagmamalasakit sa iyong kapuwa?* | | *Bakit kailangang magtipid sa pagkain at sa iba pang mga bagay na mayroon tayo?* | | *Ano ang dapat tandaan sa paggamit ng mga hiniram na aklat?* |
| H. Paglalahat ng Aralin | *Anong magandang aral ang natutuhan mo sa kuwento?* | *Ano ang halaga ng paggamit ng pangngalan batay sa iyong pakikilahok sa mga gawain sa mga araling ito?* | *Ano ang natutuhan no sa aralin?* | *Isa-isahin ang mga dapat tandaan sa pagsulat ng talata o sariling komposisyon.* | *Paano ginagamit ang Dewey Classification System?* |
| I. Pagtataya ng Aralin | | | Sagutin ng oo o hindi ang sumusunod.<br>1. Binasa ko bang mabuti ang mga hakbang?<br>2. Nasagot ko ba nang wasto ang mga tanong tungkol sa binasa kong teskto? | | |
| J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation* | | | | | |
| **V. MGA TALA** | | | | | |

| **VI. PAGNINILAY** | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| A. Bilang mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya | | | | | |
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation* | | | | | |
| C. Nakatulong ba ang *remedial?* Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin. | | | | | |
| D. Bilang ng mga magaaral na magpapatuloy sa *remediation.* | | | | | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? | | | | | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor? | | | | | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapuwa ko guro? | | | | | |